

Impormasyon sa mga Lokal na Panukat para sa mga Magulang



Ang California School Dashboard (Dashboard) ay isang online tool na idinisenyo upang tulungan ang mga komunidad sa buong estado na ma-access ang mahalagang impormasyon tungkol sa mga paaralan at distrito mula transitional kindergarten hanggang grade twelve. Tampok sa Dashboard ang limang lokal na panukat, na kilala rin bilang mga tagapagpahiwatig, na ginagamit ng mga lokal na ahensyang pang-edukasyon (local educational agencies, LEAs), gaya ng mga distrito, tanggapan ng edukasyon ng county, at mga charter school, upang iulat ang pag-unlad batay sa lokal na datos.

Mga Lokal na Panukat

Tinutugunan ng mga lokal na panukat ang

- Mga Pangunahing Serbisyo at Kondisyon, na kinabibilangan ng mga gurong naaangkop ang pagkakatalaga, access sa mga materyal sa pagtuturo na naaayon sa kurikulum, at ligtas, malinis, at maayos na nagagamit na mga pasilidad ng paaralan (Priyoridad 1);
- Pagpapatupad ng mga Pamantayang Pang-akademiko ng Estado (Priyoridad 2);
- Pakikilahok ng mga Magulang at Pamilya (Priyoridad 3);
- Survey tungkol sa Kapaligiran ng Paaralan (Priyoridad 6); at
- Access sa Malawak na Hanay ng mga Kurso (Priyoridad 7).

Mga Pamantayan sa Pagganap para sa mga Lokal na Indicator

Upang matugunan ang mga pamantayan para sa mga kinakailangan sa mga lokal na tagapagpahiwatig, ang mga LEA ay dapat na

- taunang sukatin ang kanilang pag-unlad sa pagtugon sa mga kinakailangan ng bawat priyoridad ng Pormula sa Lokal na Pagpopondo at Pagkontrol (Local Control Funding Formula, LCFF);
- iulat ang mga resulta bilang bahagi ng isang item na hindi nangangailangan ng pahintulot sa parehong pampublikong pagpupulong ng lokal na namamahaling lupon/katawan kung saan pinagtibay ang Lokal na Plano sa Pagkontrol at Pananagutan (Local Control and Accountability Plan, LCAP); at
- iulat sa publiko ang mga resulta sa pamamagitan ng Dashboard gamit ang mga tool para sa pansariling pagsusuri na pinagtibay ng Lupon ng Edukasyon ng Estado (State Board of Education, SBE) para sa bawat lokal na panukat. Makikita ang tool para sa pansariling pagsusuri ng SBE sa [California Department of Education \(CDE\) Local Indicators web page](#) sa dokumentong Mabilisang Gabay sa mga Lokal na Tagapagpahiwatig ng Pagganap. Kapag nakumpleto ng isang LEA ang mga kinakailangan sa itaas, iuulat sa Dashboard ang lokal na panukat bilang "Natugunan ang Pamantayan." Kapag hindi natugunan ng isang LEA ang mga kinakailangan sa itaas, iuulat sa Dashboard ang panukat bilang "Hindi Natugunan." Kung hindi natugunan ng LEA ang kinakailangan sa loob ng dalawa o higit pang taon, iuulat sa Dashboard ang panukat bilang "Hindi Natugunan sa Loob ng Dalawa o Higit Pang Taon." Bukod dito, nag-uulat ang Dashboard ng komprehensibong hanay ng datos na nauugnay sa pagganap ng LEA sa bawat lokal na panukat.

Kahalagahan ng mga Lokal na Panukat

Ang pag-uulat ng mga lokal na panukat sa Dashboard ay nagbibigay sa publiko ng mahalagang impormasyon tungkol sa pag-unlad ng isang LEA sa bawat lokal na priyoridad. Makakatulong ang impormasyong ito sa mga magulang habang naghahanda silang magbigay ng kanilang opinyon sa pagbuo ng LCAP sa pamamagitan ng proseso ng Taunang Pag-update.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [CDE California School Dashboard and System of Support web page](#).

Mag-email sa Analysis, Measurement, and Accountability Reporting Division sa dashboard@cde.ca.gov.



Agosto 2026